

"VAMPIRA"
IKA 14 NA LABAS
NAKARAAN; ILAN SA MGA TAGA NAYONG MABURAK AY TUMUNGO SA MAY BUROL NA SINUNDAN SI ANTONIO SA PAGHANAP KAY SARHENTO ALONZO. SAMANTALA, SI ANTONIO NAMAN AY....
SAAN KAYA, SA GAWING ITO NG BUROL... MATATAGPUAN KO SI SARHENTO?
KATHA AT GUHIT ni EMIL QUIZON CRUZ
PATULOY SA PAGHAHANAP ANG BINATA HANGGANG SA MAKARATING SA MAY MALAKING PUNONG KAHOY.......
SUS! SI SARHENTO, NAKABULAGTA!!!
LUMAPIT SI ANTONIO SA NAKITANG ANYO NI SARHENTO...
PATAY NA SIYA! MAY SUGAT DIN SA MAY PUNO NG LEEG....
NAPAUPO ANG BINATA AT...
KAAWAAWANG SARHENTO... MARAHIL AY SA PAGHAHANGAD N'YANG HUWAG MAPAHAMAK SI ROMANA.... AY ITINAYA ANG KANYANG BUHAY SA PAKIKIBAKA SA IMPAKTO...
ILANG SANDALI PA AY DUMATING ANG KANAYON NI ANTONIO...
HAYUN SI ANTONIO.... TILA NATAGPUAN NIYA SI SARHENTO! TAYO NA...
NANG MAKALAPIT SILA KAY ANTONIO AY NAKITA NILA ANG BANGKAY NI SARHENTO. ANG BINATA AY TUMAYO AT SAKA NAGSALITA...
MGA KASAMA... HINDI LANG ANG PAGBIBILOG NG BUWAN ANG DAPAT NATING PAGINGATAN! NGAYON, NAPAHAMAK SI SARHENTO. ANG LAHAT NG GABI AY DAPAT NATING PANGALAGAAN!


SA NAYON...
ABA, TERIA, JUANA! HETO NA SILA DUMARATING. TILA MAY PATAY NA DALA?
NANG MAKILALA NILA ANG PATAY NA DALA NINA ANTONIO....
SI SARHENTO, AMBO?
OO, IHA..
SUS! HINDI KO MATINGNAN!
LALONG NARAGDAGAN ANG ALALAHANIN NG MGA TAGA NAYONG MABURAK DAHIL SA PAGKAMATAY NI SARHENTO ALONZO. KINABUKASAN, NANG TANGGAPIN SA HIMPILAN NG HUKBONG KOSTABULARYA ANG BALITANG PAGKAMATAY NG KAWAL NA SARHENTO AY ISANG PANGKAT NA MAY KASAMANG DOKTOR ANG NAGSADYA SA NAYON.
SA TAHANAN NI MANG AMBO ITINULOY ANG PATAY KAGABI KAYA DITO SINURI NG DOKTOR....
MAKAMANDAG NA IMPAKTO!..
MATAPOS SURIIN NG KAWAL NA DOKTOR ANG BANGKAY...:
KAYONG MGA NANINIRAHAN DITO SA INYONG NAYON! MAGINGAT KAYO... LUBHANG MABAGSIK ANG KAMANDAG NG IMPAKTONG NANALAKAY DITO...!
NANG NAGPAPAALAM NA ANG MGA KAWAL NG KOSTABULARYA NA DALA ANG BANGKAY NI SARHENTO ALONZO AY NATAPUNAN NG TINGIN NG DOKTOR SI ROMANA, NANG MGA SANDALING 'YON AY NASA DURUNGAWAN AT NANUNUOD.
ABA, MAY MAGANDA PALANG BABAE RITO... DALAGA KAYA SIYA?...
MATAPOS PAGUKULAN NG MASURING TINGIN NG DOKTOR ANG DALAGA AY UMALIS NA ITO NA KASAMA ANG PANGKAT NA KAWAL NG HUKBONG KOSTABULARYA NA DALA ANG BANGKAY NI SARHENTO ALONZO. SAMANTALA, ITONG SI ANTONIO NA NAKAPANSIN SA INANYO NG DOKTOR AY....
MAKAHULUGAN ANG TITIG NA INIUKOL NG DOKTOR NA 'YON KAY ROMANA... MUKHANG MAUUNAHAN NA NAMAN AKO. HM!.. BAHALA NA....
MAGBALIK KAYA ANG DOKTOR UPANG MAKILALA SI ROMANA? SI ANTONIO, MANATILI KAYANG SA TINGIN NA LAMANG ANG IUUKOL NIYANG PAG-IBIG KAY ROMANA?....
ITUTULOY